Tanggapan ng Direktor ng Edukasyon

30 ng Enero 2008

Mga Magulang/Tagapangalaga:

Ang *Education Act* o Batas ng Edukasyon ay nagpapahintulot sa Minister ng Edukasyon na magtatag ng kodigo ng pag-aasal na magko-kontrol sa asal ng lahat ng tao sa mga paaralan. Noong ika 4 ng Hunyo 2007, iniharap at ipinasa ng Pamahalaang Panlalawigan ang Bill 212 (Panukalang Batas 212). Bilang resulta ng bagong Bill, itinatag ng Ministri ng Edukasyon ang binagong Panlalawigang Kodigo ng Pag-aasal. Ang Bill 212, at ang lahat ng binagong patakaran ay paiiralin na sa ika 1 ng Pebrero 2008.

Bilang karagdagan sa pag-uutos sa lahat ng pamunuan ng paaralan na magtatag ng kodigo ng pag-aasal, ang *Education Act* ay nagbibigay pahintulot din sa lahat ng pamunuan ng paaralan na rekirihin ang mga punong-guro na magtayo ng lokal na kodigo ng pag-aasal na magreregula sa kilos ng mga tao sa paaralan. Lahat ng lokal na kodigo ng pag-aasal ay kinakailangang kaugma ng Panlalawigang Kodigo ng Pag-aasal at ng Kodigo ng Pag-aasal ng TCDSB.

Ang sentral na Kumite ng Tagapayo sa Kaligtasan ng mga Paaralan (Safe Schools Advisory Committee), kasama ng opinyon ng malawak na kumunidad sa pamamagitan ng malawig na surbey, ay nagsulong ng nirebisang patakaran ng Kodigo ng Pag-aasal ng TCDSB, na inaprubahan ng Board of Trustees noong ika 23 ng Enero 2008. Ang mga pangunahing pagbabago sa patakaran ay nakalista sa ibaba :

- Pagpapalawak ng karapatang magdisiplina sa pagsali ng mga aksiyon o gawi na labas sa paaralan at pag-aari ng paaralan, at labas sa mga aktibidad ng paaralan, kung saan ang nasabing aktibidad ay may negatibong resulta o impresyon sa paaralan.
- Pagsali ng “Bullying” o pananakot sa listahan ng mga paglabag kung saan ang suspensyon ay kinakailangang konsiderahin.
- Pag-alis sa kapangyarihan ng punong-guro na magtanggal ng estudyante at ng kapangyarihan ng guro na magsuspindi ng estudyante.
- Pag-uutos na ang pagsuspindi ay hindi bababa sa isang araw ng eskuwela at hindi hihigit sa 20 araw ng eskuwela.
- Pag-alis sa proseso ng muling pagsusuri ng suspensyon ng mataas na kawani ng board.
- Pagbago sa kumite ng board na magdidinig ng apila ng suspensyon o maghahawak ng pagdinig sa ekspulsyon, sa minimo na tatlong miyembro ng board.
- Pagbago sa taning na kinakailangang makapagdinig at makapagpasiya ang board sa apila ng suspensyon sa loob ng 15 araw ng eskuwela mula ng matanggap ang notis ng apila, maliban kung ang lahat ng partido ay umaayon sa mas huling taning.
- Pagpalit sa nakagawiang pamamalakad na obligadong suspensyon at ekspulsyon ng modelong mas may kalayaan sa pagpapasiya o paghahatol.
- Pagdagdag bilang isang partido sa pag-apila ng suspensyon o pagdinig sa ekspulsyon ang isang estudyante na nasa 16 o 17 taong gulang at wala na sa kapangyarihan ng magulang.
- Pag-uutos sa mga paaralan na magbigay ng mga programa sa mga sinuspindi at pinaalis na mga estudyante.
- Pagpapanatili sa katayuan ng mga estudyanteng sinuspindi at pinaalis bilang mga estudyante ng school board hangga’t sila’y dumadalo sa programang binibigay ng naturang board.
- Pinababatid na ang mga patakaran na itinayo sa paaralang lokal ukol sa mga bagay gaya ng kodigo sa pananamit, patakaran sa upisina ng pagmamarka ng pagpasok/paglabas at mga pagbabawal sa mga estudyante na lumabas ng paaralan ay pinaiiral pa.

Ang binagong patakaran sa Kodigo ng Pag-aasal at lahat ng mga patakaran tungkol sa kaligtasan ng mga paaralan ay makikita sa TCDSB website sa www.tcdsb.org. Nanatili kaming nakapokus at patuloy na nagbibigay priyoridad upang matiyak na lahat ng aming mga paaralan ay nakalulugod at ligtas na lugar para sa pag-aaral at pagtatrabaho…kung saan madarama ng iyong anak na siya’y wala sa panganib.

Gumagalang,

Kevin Kobus
Direktor ng Edukasyon

Cc: Trustees, Superintendents, Principals and Vice-Principals